Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Fire Prevention Week

BRAMPTON, ON (Oktubre 5, 2023) – Mula Oktubre 7 hanggang 14, Ang Lungsod ng Brampton at ang Bampton Fire and Emergency Services ay nakikipagsama sa National Fire Protection Association® (NFPA®) — ang opisyal na isponsor ng Fire Prevention Week™ upang kilalanin ang Fire Prevention Week para makatulong sa pagbibigay kaalaman sa komunidad tungkol sa kaligtasan at kahandaan sa sunog.

Ang tema ng taong ito ay *Cooking safety starts with YOU. Pay attention to fire prevention*. Ang kampanya, na iniisponsor ng Enbridge Gas, ay nagsisikap na mabigyang kaalaman ang lahat tungkol sa simple ngunit mahalagang mga aksyon na magagawa nila kapag nagluluto upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga sarili at ang mga nakapaligid sa kanila.

**Mga tip upang manatiling ligtas sa kusina**

- Bantayan kung ano ang iniinit mo. Palaging tingnan kung ano ang iyong niluluto. Mag-set ng timer upang paalalahanan ka na nagluluto ka.
- Ipuwesto ang mga hawakan ng palayok tungo sa likod ng stove. Palaging ilagay sa malapit ang takip kapag nagluluto. Kung mag-uumpisa ang sunog sa kaunting grasa, ilagay ang takip sa kawali at patayin ang burner.
- Magkaroon ng isang “lugar na walang bata at alagang hayop” na hindi bababa sa tatlong piye (1 metro) sa paligid ng stove o grill at saanman na inihahanda o dinadala ang mainit na pagkain o inumin.
- Tawagan kaagad ang 9-1-1 kung may sunog! Lumabas ng bahay, manatili sa labas!

Upang ipagdiwang ang Fire Prevention Week, ang Brampton Fire and Emergency Services ay magdadaos ng open houses sa mga fire station at magho-host ng mga display ng kaligtasan sa sunog sa buong lungsod.

**Mga Event at Pop-up**

**ANO:** Display ng K

**PETSA:** Oktubre 7

**ORAS:** 7:30 am – 2:00 pm

**SAAN:** Farmers Market, Gage Park

**ANO:** Display ng Kaligtasan sa Sunog

**PETSA:** Oktubre 7

**ORAS:** 9:00 am - 1:00 pm

**SAAN:** Lowe's Home Improvement North, 10111 Heart Lake Road

**ANO:** Fire Safety Display

**PETSA:** Oktubre 7

**ORAS:** 9:00 am - 1:00 pm

**SAAN:** Lowe's Home Improvement South, 370 Kennedy Rd S

**ANO:** Station 213 Open House

**KAILAN:** Oktubre 10

**ORAS:** 3:30 - 7:00 pm

**SAAN:** Station 213 Open House, 4075 Ebenezer Rd

**ANO:** Station 205 Open House

**KAILAN:** Oktubre 11

**ORAS:** 3:30 - 7:00 pm

**SAAN:** Station 205 Open House, 95 Sandalwood Pkwy

**ANO:** Station 204 Open House

**KAILAN:** Oktubre 12, 2023

**ORAS:** 3:30 - 7:00 pm

**SAAN:** Station 204 Open House, 657 Queen St

**ANO:** Fire Safety Display

**KAILAN:** Oktubre 14, 2023

**ORAS:** 10:00 am - 2:00 pm

**SAAN:** Bramalea City Centre, Lower level near Old Navy

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Fire Prevention Week at sa kaligtasan sa pagluluto, bisitahin ang www.bramptonfire.com at www.fpw.org. Para sa katuwaan sa kaligtasan sa sunog para sa mga bata, bisitahin ang sparky.org.

**Mga Quote**

"Ang tema ng Fire Prevention Week ng taon na ito ay napakahalagang paalala para sa ating lahat kung ang pag-uusapan ay ang pananaitling ligtas kapag nagluluto. Napakabilis na nagaganap ng mga aksidente at mahalagang maging handa at manatiling ligtas sa kusina. Hinihikayat ko ang mga residente na pumunta at matuto nang higit pa tungkol sa Brampton Fire and Emergency Services at sa kaligtasan sa sunog sa isa sa mga event na magaganap sa ating komunidad sa Oktubre 7 hanggang 14 upang kilalanin ang Fire Prevention Week."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang kaligsan sa sunog ay isang mahalagang paksa at ang pagtiyak na ang mga residente ay ligtas sa kani-kanilang tahanan ay napakahalaga. Sa panahon ng Fire Prevention Week hinihikayat ko ang lahat ng residente na siguruhin na ang kanilang mga tahanan ay ligtas sa sunog hangga't maaari. Ang pagsiguro na ang bawat isa sa tahanan ay nakakaalam sa mga tuntunin sa kusina ay makapagliligtas ng buhay. Inaasahan ko na makita ang mga residente na pumunta sa mga event na magaganap sa komunidad at salamat sa Brampton Fire and Emergency Services para sa kahanga-hangang trabaho na ginagawa nila upang mapanatiling ligtas ang ating komunidad."

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

"Ang Fire Prevention Week ay isang magandang panahon para matiyak ng mga tao na ang kanilang mga tahanan ay ligtas sa sunog at na meron silang plano ng paglikas sa kaganapan ng isang sunog. Ang mga sunog sa kusina ay ang nangungunang dahilan ng mga sunog sa mga tahanan at maaaring mabilis na mangyari. Sa pagpapatupad ng ilang mga tuntunin sa kusina habang nagluluto, makakatulong ang mga residente na panatilihing ligtas ang kanilang mga sarili at ang mga mahal sa buhay."

- *Andrew von Holt, Acting Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 90,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca